# ANG PAGPILI NG ISANG TAO

## na katrabaho para sa iyong anak



**PAPEL-PANGKAALAMAN PARA SA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA**

SAFE Space

pagtutulungan sa paglikha ng ligtas na mga kapaligiran
para sa mga batang may kapansanan

**Maaaring piliin ng mga magulang at tagapag-alaga na tumatanggap ng pondo mula sa NDIS, ang sariling-pamamahala ng isang bahagi o lahat ng pondo ng kanilang anak. Kung pipiliin mo ang sariling-pamamaha, magagawa mong direktang kumuha ng mga manggagawa upang suportahan ang iyong anak nang hindi na kailangang dumaan pa sa isang organisasyon na magbibigay ng ganitong mga serbisyo.**

Habang ito ay nag-aalok ng higit na pleksibilidad, nagpapataw din ito ng mas malaking responsibilidad sa iyo upang matiyak na ang mga tao ay ligtas at angkop na makikipagtrabaho para sa iyong anak.

May ilang mga bagay na maaari mong gawin upang makatulong sa iyong magpasya kung ang tao ay angkop na makatrabaho para sa iyong anak.

- Hingan ng patunay na ang tao ay may tamang Working With Children Check. Tingnan ang papel-pangkaalaman tungkol sa Working With Children Check para sa karagdagang impormasyon
- Hingan ang tao ng kanyang ‘resume’ at mga kopya ng kanyang mga kwalipikasyon. Kapag nirerepaso ang resume ng isang tao, tiyakin na tanungin siya tungkol sa anumang mga puwang sa kanyang kasaysayan ng trabaho
- Hingan ang tao na magbigay ng kahit dalawang taong magrerekomenda sa kanya, na maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga kasanayan at karanasan ng tao na magtrabaho para sa mga bata at mga kabataan. Tiyakin na ang isa sa mga nagrerekomenda ay ang taong pinakahuling pinagtrabahuhan niya. Maaari mo ring hingin sa tao ang mga detalye ng kontak ng iba pang mga magulang na kumuha sa kanya bilang katrabaho para sa kanilang anak
- Itanong sa tao kung bakit sa palagay niya ay kaya niyang matugunan ang partikular na mga pangangailangan ng iyong anak at magbigay ng mga halimbawa kung kailan siya naging katrabaho para sa iba pang mga bata at kabataan na may mga katulad na pangangailangan

Kunin sa trabaho ang tao para sa trial period para magkaroon ka ng pagkakataon na obserbahan siya habang katrabaho para sa iyong anak

## Kumuha ako ng isang taong katrabaho para sa aking anak. Paano ako makakatulong sa pagpapanatili ng kaligtasan ng aking anak?

Hangga't maaari, tiyakin na natatanaw mo nang direkta kapag ang iyong anak ay sinasamahan sa kubeta, pinaliliguan at binibihisan

Kung may mga oras na ang iyong anak ay mag-isa lang na kasama ang manggagawa, magsagawa ng mga walang pasabing pagbisita

Kung ang iyong anak ay gumugugol ng oras sa labas ng bahay kasama ang manggagawa, tiyakin na alam mo kung nasaan ang iyong anak at kung anong oras sila babalik ng bahay

Hilingin sa manggagawa na gumawa ng isang talaan para sa araw na ito at ipaalam sa iyo ang anumang mga problema na maaaring nangyari

Ipaliwanag sa iyong anak na siya ay may karapatang maging ligtas

Kausapin ang iyong anak tungkol sa kanyang katawan at ang wastong tawag sa mga bahagi ng katawan

Kausapin ang iyong anak tungkol sa mga taong maaaring humipo sa kaniya at sa anong mga pagkakataon

Sabihan ang iyong anak na okey lang na magsabi ng 'hindi' sa isang nakakatanda kung hindi siya komportable

Tulungan ang iyong anak na makilala ang limang mapagkakatiwalaang nakakatanda na maaari niyang kausapin kung may bumabagabag sa kanya

Ipaliwanag sa iyong anak na hindi niya kailangang ilihim sa mga nakakatanda ang mga nagpapalungkot o nagbibigay ng takot sa kanya



SAFE Space

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**
tungkol sa Working With Children Check, tingnan ang *Parent and Carer Information Guide* o bisitahin ang website ng Office of the Children's Guardian sa **ocg.nsw.gov.au/working-children-check**

Maaari mo ring tawagan ang helpline ng Working With Children Check sa (02) 9286 7219 o mag-email sa **check@ocg.nsw.gov.au**

www.ocg.nsw.gov.au/safespace

NSW GOVERNMENT

Office of the Children's Guardian